# BC PharmaCare

## Blood glucose test strips

Sinasakop ng BC PharmaCare ang isang ispesipikong bilang ng blood glucose test strips sa isang taon, depende sa diabetes treatment na natatanggap mo.

### Test strip limits bawat taon

Kung ikaw ay nasa mahigit sa isa sa mga kategoriya ng treatment na ito, ikaw ay masasakop sa mas mataas na limit:

May insulin at walang continuous o flash glucose monitor. **Limit bawat taon:** 3000

May insulin at may continuous o flash glucose monitor. **Limit bawat taon:** 200

Anti-hyperglycemics na may mas mataas na risk na magdulot ng hypoglycemia (hal., insulin secretagogues –sulfonylureas tulad ng glyburide, at meglitinides tulad ng repaglinide). **Limit bawat taon:** 400

Anti-hyperglycemics na may mas mababang risk na magdulot ng hypoglycemia (hal., alpha-glucosidase inhibitors tulad ng acarbose; biguanides tulad ng metformin; dipeptidyl peptidase-4 (DPP-4) inhibitors tulad ng linagliptin; incretin mimetics/ glucagon-like peptide (GLP-1) agonists tulad ng semaglutide; sodium-glucose cotransporter 2 (SGLT2) inhibitors tulad ng empagliflozin; thiazolidinediones (TZDs), tulad ng pioglitazone). **Limit bawat taon limit:** 200

Diet/ehersisyo. **Limit bawat taon:** 200

- Kapag bumibili ka ng test strips, ibabawas ng computer system (PharmaNet) ang halaga mula sa iyong limit bawat taon
- Kung nagpalit ka ng mga treatment, ang iyong limit bawat taon ay awtomatikong updated sa PharmaNet
- Para malaman kung ilang strips ang natitira para sa iyo, tawagan ang HIBC (ang numero ay nasa ibaba)
- Siguraduhin na ang petsa ng expiry sa strips na bibilhin mo ay malayo pa
- Kausapin ang iyong doktor o diabetes educator tungkol sa kung gaano kadalas dapat mag-test, o bisitahin ang diabetes.ca/takecharge

### Kung kailangan mo ng karagdagang strips

Makakapag-request ang iyong doktor o diabetes education centre ng PharmaCare coverage para sa karagdagang strips kung kailangan mong mag-test nang mas madalas, hindi ka gumagamit ng insulin, at:

- Hindi ka umaabot sa blood glucose level targets na tiniyak ng isang doktor, nang 3 buwan o mahigit pa
- Mayroon kang malalang karamdaman o kondisyon na maaaring makaapekto sa iyong blood glucose control
- Sinimulan o itinigil mo ang mga gamot na nagdudulot ng hypo- o hyperglycemia
- Mayroon kang trabaho kung saan ang hypoglycemia ay isang malaking panganib sa kaligtasan (hal., mga pilot, commercial driver)
- Mayroon kang gestational diabetes

Sa mga bihirang kaso, kung mayroon kang medikal na pangangailangang mag-test nang mas madalas, o gumamit ng insulin at kailangan mong mag-test nang mas madalas, ang iyong endocrinologist ay maaaring mag-submit ng request sa PharmaCare para humingi ng karagdagang strips.

### Mayroon bang mga Tanong?

Tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am – 8 pm at Sabado 8 am – 4 pm sa 1 800 663 7100